# 1

Makulimlim ang panahon nang umagang iyon nang dumating ang magkaibigang Zyra at Gay sa *Ottawa International Airport*. Excited ang dalawang babae sapagkat ngayon lamang sila nakarating sa bansang iyon. Madalas kasi na sa Asia ginaganap ang nadadaluhan nilang seminars at conventions tulad ng Singapore, Indonesia, at Malaysia.

Sumakay sila ng taxi patungong hotel na tutuluyan nila at kung saan din gaganapin ang *World's Competent Psychologists Convention* na kanilang dadaluhan. Mananatili sila ng isang linggo roon at napagkasunduan nila na mag-extend pa ng another week para sa pamamasyal.

Habang daan ay tahimik ang dalawa. Ninanamnam nilang mabuti ang kagandahan ng paligid sa Ottawa.

Sumagi sa isip ni Zyra na sa bansa ring ito nais na pumunta ni David noon para sa isang international ramp modeling stint, ngunit sa kamalasan ay hindi ito pinalad na makasama.

*Nasaan na kaya siya ngayon? Naaalala rin kaya*

*niya ako?* tanong niya sa sarili. Ang mga tanong na iyon ang palaging gumagambala sa kanyang pag-iisa. Gusto man niyang tanggihan ang udyok ng kanyang isip ay hindi niya magawa. Kung maaari lang na sumama siya kahit saan magpunta ang lalaki ay matagal na sana niyang ginawa. Kaso ay ito mismo ang nang-iwan sa kanya at hindi niya nalaman kung bakit.

Sabik na sabik na siya rito ngunit parang walang katuparan ang lahat ng iyon. Kinalimutan na siya ng lalaki. Matagal na panahon na rin ang nagdaan—pitong taon. Malalim ang iniwan nitong sugat sa kanyang puso na kusa nang napinid para sa ibang pag-ibig. Ngunit kahit ano pa ang nagawa nitong kasalanan ay isa lamang ang natitiyak niya: mahal pa rin niya si David.

---

Ginising si Zyra ng init ng sikat ng araw na tumatagos mula sa bintana nang hawiin ni Gay ang white floral drape curtains sa hotel room na kanilang tinutuluyan.

“Good morning, Boss!” ngiting-ngiti na bati nito.

Si Gay ang best friend niya mula pa noong high school. Iisa rin ang kinuha nilang kurso sa kolehiyo,

sa pareho ring university. Nagtapos sila ng BS Psychology at Masteral Degree in Clinical Psychology. Nag-specialize siya sa Guidance and Counseling.

Dahil sa may-kaya ang pamilya niya sa Bulacan, naipatayo niya sa Maynila ang *Mercado Marriage Consultancy and Testing Center*. Six psychologists were working for her, including Gay. Karamihan sa mga kliyente nila ay padala ng iba't ibang employment agencies na kailangang mag-undergo ng psychological tests for employment purposes. Ang iba ay mga mag-asawa na kasalukuyang dinidinig sa korte ang petition for annulment. Mayroon ding kumokonsulta sa kanila tungkol sa kani-kanilang married life.

Pamilyar na rin sa telebisyon ang mukha niya sapagkat madalas siyang maimbitahan sa mga talk shows bilang consultant psychologist.

"What time is it, Gay? Ang sarap pang matulog," aniyang todo-bigay sa paghikab. Naupo siya sa gilid ng kama habang nag-iinat.

Very comfortable ang silid na nakuha nila sa eighth floor. Malinis at maayos ang buong paligid. Pagpasok ng pinto ay matatagpuan sa kaliwang bahagi ng kuwarto ang bathroom. Sa kabilang panig ay nandoon ang two single bed at sa pagitan niyon

ay isang lightly varnished na lamesita. Nakapatong doon ang intercom, hotel directory, at ashtray. Sa isang sulok ay ang mini-refrigerator, television set at small dining table na tinakpan ng white tablecloth, accented with floral effects paired with two chairs. Sa gilid ng kanyang kama ay ang glass window. Mula roon ay tanaw ang main road kung saan magkakatabi ang iba't ibang establishments.

"It's seven o'clock, Ma'am. The convention will start at nine," nakangiti pa ring banat nito.

"Ma'am ka diyan! Hoy, Miss Girlie Maquera, kahit kailan hindi kita tinuring na staff ko, 'no! Siyempre, mas higit pa doon kasi best friend kita."

Bahagya itong dumukwang sa kanya pagkatapos ay namaywang na parang bakla. "Boss pa rin kita. Ikaw ang may-ari ng center, eh. At hindi lang pala basta boss, pinakamaganda at pinakamabait na boss sa buong mundo."

Lumapit siya sa dining table na kinalalagyan ng kanilang breakfast. "Hus, nambola ka pa! Matagal ko nang alam 'yon," sagot niya, sabay kindat sa kaibigan.

Tumabi ito sa kanya pagkuwan ay sumubo ng kapiraso ng sunny side-up egg. "Ang alin, na boss

kita?"

"Hindi," pabirong umirap siya, "na mabait at maganda 'ko."

Nasamid tuloy ito at lumagok ng tubig. Natawa siya sa kaibigan. Kahit kailan talaga ay masarap kasama ito. Palabiro at parang bata kung mangharot. There was never a dull moment with Gay. Bagay na bagay rito ang pangalan nito. She was always happy and gay. Kaya nitong pagaanin ang pakiramdam ng kahit sinong tao na may problema.

"O, nakita mo na? Mambobola ka kasi, eh, sipsip pa!"

"Ano'ng sabi mo?" Tumaas ang isang kilay nito. "Aba! Dapat nga'y magpasalamat ka sa 'kin kasi kung hindi ako makulit at magulo, baka na-confine ka na sa *National Institute for Mental Health*. In other words, *Mental Hospital*."

"Sobra ka naman! Hindi yata. Ako pa? Para ano pa't nagtapos ako ng Psychology?" pagtatanggol niya sa sarili.

"Ay 'sus! Ayaw pang aminin. Akala ko nga noon magsu-suicide ka na, eh. 'Tapos bigla ka pang natutulala na parang nasasapian ng kung ano," tukoy nito sa panahon noong sobrang nagmukmok

siya nang iwan siya ni David.

"Kahit sino naman siguro ang may problema ay gan'un din ang mararamdaman. Hindi naman severe depression iyon, for your information," panangga pa ni Zyra habang isinisingit ang pagsubo ng pagkain. Hanggang ngayon, kapag napapag-usapan ang nangyari pitong taon na ang nakakaraan, parang nabubuksan muli ang sugat na iniwan ng dating nobyo sa puso niya.

Natawa ito. "Eh, di inamin mo rin na affected ka talaga doon sa walang-kuwentang lalaking iyon. Super guwapo nga, wala namang silbi," pagdidiin pa nito.

"Nasaan na kaya siya ngayon?" Bumuntong-hininga siya at napatitig sa kawalan. "May-asawa na kaya siya? Mas guwapo kaya siya ngayon?"

"Hay!" Nagkunwaring nasamid ang kaibigan niya. "Luka-luka ka talaga, 'no! Para kang hindi psychologist kung magsalita."

Pinandilatan ito ni Zyra. "Wala akong ibig sabihin doon. Curious lang ako kung ano na hitsura niya ngayon. Walang bitterness sa sinabi ko."

Umakto si Gay na animo hindi naniniwala. "Hmph! 'Wag mo nga akong paikutin na parang

hindi ako sanay sa mga pasyenteng katulad mo."

Tawanan at habulan ang ginawa ng magkaibigan hanggang sa matumba sila sa sahig.

---

Pasado alas cinco ng hapon nang matapos ang unang araw ng convention. Pagkalabas nina Zyra at Gay ng function room sa tenth floor ay napagkasunduan nilang mamasyal sandali at pagkatapos ay kumain sa isang fine dine-in restaurant sa tapat ng hotel na tinutuluyan.

Sosyal ang restaurant na iyon, dim light at very cozy ang ambiance. Naupo ang dalawang babae sa isang sulok sa gawing kanan. Matapos ibigay ang kanilang order sa waiter ay nagmasid sila sa labas ng glass wall.

Mula sa kinauupuan nila ay abot-tanaw ang main road. Sa kabilang panig niyon ay ang hotel na kanilang tinutuluyan.

"Grabe! First day pa lang ng convention, inip na inip na 'ko. Gusto ko na yatang umuwi," anang kaibigan.

"Hindi ba sinabi ko sa 'yo, you will not have hot water for your coffee without boiling the water,"

seryosong tugon niya.

“Oo na. Matalinhaga na naman ’yang sinasabi mo. Eh, kasi naman nakakainip talaga. Huwag mong sabihing hindi ka naiinip?” paninigurong tanong ni Gay.

“Naiinip din ako siyempre. Iniisip ko na lang na kailangan natin sa center ang knowledge na matututunan natin dito. Saka nakapamasyal naman tayo, ah.”

Humaba ang nguso nito, sabay irap. “O, sige na. No wonder, sa edad mong twenty-seven ay ang layo na nang narating mo. Mas maganda siguro kung sinasabi mo ang buo mong pangalan kapag nai-invite kang mag-guest sa mga talk shows.”

“’Ayan ka na naman, Girlie, ha!” aniya, akmang pipigilan ito. “Huwag na huwag mong babanggitin ’yan lalo na sa Pilipinas at baka mag-lie low bigla ang career ko.”

Tinatawag niya ang kaibigan sa buo nitong pangalan kapag umaabot sa puntong naiinis na siya, ngunit patuloy pa rin ito sa pangungulit.

“Bakit? Maganda nga ang dating ng Zaccharia Merc—”

Tinakpan niya ang bibig nito na parang isang malaking iskandalo kapag may ibang nakarinig sa sasabihin nito. “Shh, stop it! Kaya nga Zyra Mercado ang pina-register kong name dito.”

Natural na mamula-mula ang kanyang mga pisngi, ngunit dahil sa pagbanggit ng kaibigan sa pangalan niya ay lalong namula ang mga ito.

“Okay, I’m terribly sorry. I didn’t mean it. I just wanted the night to be lively.” Umiikot ang mga mata nito na animo mga mata ng manika.

Napangiti siya. “Okay lang. You know naman when it comes to my name, allergic ako. Ewan ko ba, sa dinami-dami ng pangalan dito sa mundo, Zaccharia pa ang pinili ng nanay kong ibigay sa akin!”

“Pero teka nga…” Tinitigan siya ni Gay. “Ano kaya kung makita mo dito sa Ottawa si David? Hindi ba dito niya balak pumunta n’un para sa mag-model?”

“Hindi iyon natuloy dahil hindi siya nakapasa sa audition. Ang alam ko, piling-pili ang kinukuha d’on na karaniwan ay ang top models sa bansa natin.”

“Malay mo, nandito siya sa ibang dahilan. Sa tingin ko kasi sa taong iyon, super determinadong

matupad ang pangarap na sumikat at kumita bilang ramp model."

"Bawat tao naman talaga ay may pangarap. Mas matindi lang ang drive niya. Pinipilit niyang makuha iyon despite the many sacrifices he had to make," aniya.

Namilog ang mga mata nito. "At ano'ng ibig sabihin mo ng sacrifices? Na isa ka sa isinakripisyo niya? Sa tingin ko, friend, mali ka diyan. Iniwan ka nga nang walang pasabi. Iyon ba ang sacrifice? Ang sabihin mo, duwag siya. Hindi ka niya kayang harapin at mas importante sa kanya ang mga pangarap niya," inis na turan nito.

May kumirot sa puso ni Zyra pagkarinig niya sa mga tinuran ng kaibigan. Sa isang banda, nagsasabi ito ng totoo. Nasaktan man siya ay hindi niya iyon ipinahalata. Ngunit alam niya na kahit gaano ang ipakita niyang tapang o kahit ano ang gawin niyang pagtatago ng tunay na nararamdaman, hindi iyon lingid kay Gay.

"Hey!" Tinapik siya nito sa kaliwang balikat. "Bakit natahimik ka? Huwag mong sabihing naaapektuhan ka pa ng mga sinabi ko? Sa kabila ba ng mga ginawa niya, mahal mo pa rin ang mokong na iyon? Pero alam mo kapag nakita ko iyon dito

baka mauna pa 'kong sumampal sa kanya. Hah! Isipin ko lang ang pinagdaanan mo noon…"

"Ikaw pala'ng affected, eh!" Pinilit niyang magbiro. Napangiti na rin ito.

"Sige, nakalusot ka ngayon, ha. Pero kahit ano pa'ng sabihin mo, alam kong love na love mo pa rin ang lalaking iyon. At sa tingin ko, ang tawag d'on ay isang malaking… katangahan!" Sadyang binitin pa nito ang huling salita, pagkuwan ay pareho silang natawa.

Seven o'clock na ng gabi nang makauwi sila ng hotel. May nakasabay silang dalawang lalaki at isang babae sa elevator.

"Tenth floor, please," sabi ng babae sa operator.

"Eighth floor, please. Thank you," ani Gay.

Ang babae ay mayroong hawak na ilang piraso ng formal attire na panlalaki na maayos na naka-hanger. Marahil ay personal assistant ito ng isa sa dalawang lalaking kasama nito. Hinulaan ni Zyra na iyong isa na nakatalikod sa kanya ang amo nito. Matikas ang tindig nito at magandang magdala ng damit na parang isang modelo. Ang isang lalaki kasi ay hindi katangkaran, malaki ang tiyan at mukhang silahis pa kaya imposibleng ito ang may-ari ng mga

damit.

Kinausap ng machong lalaki ang babaeng kasama. “Rhoda, pakiderecho na ang mga damit ko sa dressing room. Kakausapin lang namin ni Arman ang talent coordinator ng show, pagkatapos ay susunod na ako doon.”

“Sige po, Sir Von,” sagot ng babae na tila mahigit cuarenta na ang edad.

Biglang kinabahan si Zyra. Ang tinig ng lalaking iyon ay nagpapaalala sa kanya ng isang taong pilit niyang kinakalimutan. Ganoon na lamang ang pagnanais niyang masilip ang mukha nito, ngunit tiniis na lamang niyang pagmasdan ito mula sa likuran.

Nang bumukas ang pinto ng elevator sa eighth floor, nagbigay-daan ang dalawang lalaki upang makalabas sila. Pakiramdam niya ay nakatingin sa kanya ang mga ito at parang may bumubulong sa isip niya na lumingon siya para tingnan din ang dalawa. Ngunit hindi niya alam kung bakit natatakot siyang gawin iyon. Biglang kumabog ang kanyang dibdib at hindi niya alam ang dahilan.

May mukhang bumalik sa kanyang alaala—ang matikas na tindig at ang mapanghalinang mga mata

ni David. Kung hindi lamang sila nasa Canada ay iisipin niyang ang ex-boyfriend niya iyon.

Pero hindi. Hindi maaaring iyon ang dati niyang nobyo. Dito sa Canada? Imposible.

Ipinilig niya ang ulo para tanggalin ang pumasok sa isip. Ayaw na niyang maalala ang lalaking iyon. Ang lalaking sa tingin niya ay pangarap lamang ang basehan para mabuhay nang maligaya.

"Zyra, okay ka lang?" nagtatakang tanong ng kaibigan sa biglang pananahimik niya.

"What? Did you say something?" napakurap na tanong niya.

"Sabi ko, okay ka lang ba? Bakit bigla ka na lang naging tuod diyan?"

"M-may naalala lang ako. Wala iyon. Huwag mo 'kong pansinin. Pagod lang siguro ako."

"Alam ko kung bakit," anito. "Napansin ko din kung ano 'yung napansin mo. Katikas at kaboses ni David 'yung isang lalaki. Tama ba ako?"

"G-Gay, h-hindi kaya si David iyon?" aniya na halatang kumakabog ang dibdib.

Umismid ito. "Sinasabi ko na nga ba, eh. Gusto

ko nga sanang lingunin kaso naunahan ako ng hiya."

"W-what do you think? Ano ang affair na pupuntahan nila dito sa hotel?" nauutal pa niyang tanong.

"Para siyang..." bahagyang nag-isip pa si Gay, "para siyang model. Oo, tama! Nakita mo ba iyong babaeng may hawak ng mga damit-panlalaki? Tingin ko personal assistant niya iyon."

"Hindi nga kaya siya iyon?" tanong niyang muli, sa mga oras na iyon ay dumadalang na ang kabog ng dibdib niya.

Tumaas ang isang kilay nito. "Huwag mo ngang isipin iyon.  Paano mangyayaring siya iyon, ikaw na nga ang nagsabi na hindi siya natuloy rito. At isa pa, kung siya talaga 'yung ex mo, di sana'y na-recognize ka niya, di ba?"

Napabuntong-hininga siya nang malalim. "Kunsabagay, kahit pitong taon na ang nakaraan mula noong huli kaming magkita, hindi naman ganoon kalaki ang pinagbago ng hitsura ko para hindi niya ako makilala. Baka nahihiya?"

"Ano ka ba naman, Zyra? Tigilan mo na nga iyan. Ang gawin mo, magpaganda at magpa-sexy para makabingwit tayo ng Canadian. Ano sa tingin

mo, ha?" Siniko pa siya nito saka tinanguan.

Tumango na lang siya para matahimik na ito.

Tulog na si Gay, hindi pa rin dalawin ng antok si Zyra. Pilit binabalikan ng isip niya ang mga alaala ni David…

# 2

Nasa huling taon na si Zyra sa kolehiyo nang makilala niya si David. Ipinakilala ito sa kanya ng kapitbahay niyang si Gary minsang nagbakasyon ang binata sa Bulacan.

Pinsang-buo ito ni Gary sa mother side. Noong panahong iyon ay nangungupahan ito sa Obrero kasama ang mga magulang nito at dalawang kapatid na babae.

Nakatapos ito sa kolehiyo sa kursong Computer Science dahil na rin sa pagsusumikap nito bilang working student. May apat na taon na itong namamasukan sa isang pribadong bangko sa Caloocan City at nagsa-sideline ito bilang commercial at print ad model.

Sa kabila ng pagkayod nito ay hindi iyon sapat upang matustusan ang pag-aaral ng mga kapatid na pawang nasa high school na. Ang ama nito ay maliit lamang ang kinikita mula sa pagbabarbero.

Madalas kaysa minsan ay nahihingan pa ito ng financial na tulong ng mga kapatid ng ina. Bukod sa pagiging encoder sa bangko at commercial model

ay nais ni David na pasukin ang international ramp modeling kung saan mas malaki ang kikitain na siguradong makakatulong sa pamilya.

Sinubukan na nitong mag-audition sa isang international modeling firm, kung saan French designers ang mga hurado. Dahil sa kakulangan ng exposure at preparasyon ay hindi ito napili upang ipadala sa ibang bansa.

Hindi pa rin pinanghinaan ng loob ang binata sa kabila ng pangyayaring iyon. Muli nitong isinabak ang sarili sa audition. Gayunpaman, muli itong nabigo.

Dahilan sa stress at pressure, iminungkahi ng ina ni David na mag-leave muna ito sa nang isang linggo upang makapagpahinga kahit saglit lamang. Sumang-ayon naman ang binata. Ipinasya nitong magbakasyon sa bahay ng pinsang si Gary sa Bulacan. At doon nga sila nagkita at nagkakilala. Kaagad siya nitong niligawan.

Sinagot ni Zyra si David sa loob ng maikling panahon ng kanilang pagkakakilala. Proud siya lalo na kapag sinusundo siya nito pagkatapos ng klase niya. Kilala kasi ito bilang commercial model ng isang brand ng toothpaste. Bagaman marami na itong ginawang commercials ay roon ito nakilala

dahil sa perfect set of teeth at killer smile nito.

Noong mga panahong iyon, nakatira ang dalaga sa bahay ng kanyang tiyahin sa Sampaloc kaya hindi naging mahirap para sa kanila na magkita. Minsan sa isang buwan kung umuwi siya ng Bulacan at kung may oras ang binata ay inihahatid siya nito.

Seryoso man ang nobyo, mabait at romantiko ito. Kakaiba ito kung magpakita ng panunuyo at paglalambing kaya ito ang nagustuhan niya.

Ligawin naman talaga si Zyra kung tutuusin, ngunit kahit isa ay wala siyang natipuhan sa mga manliligaw maliban kay David. Ito ang kauna-unahang lalaking minahal niya at ito rin ang nakapagbigay ng atensyon at pagmamahal na noon lamang niya naranasan. Para siyang laging nakalutang sa alapaap.

Noong araw na ipagkaloob niya rito ang matamis niyang 'oo' ay wala sa hinagap niya na mapapasagot kaagad siya ng panliligaw nito. Mahal na niya ang binata, ngunit nais pa niyang makatiyak kung talagang mahal din siya nito kaya nagpakipot siya nang kaunti.

Ngunit isang gabing nasa bahay siya, tikatik ang bagsak ng ulan, nagpadala ito ng text message:

*Come and see through the rain, the one who loves you much.*

Pagkabasa niyon ay dagli siyang dumungaw sa bintana. Nakita niya ang lalaki na kahit basang-basa sa ulan ay matamis ang pagkakangiti habang winawagayway ang isang puting laminated placard. Nakasulat doon sa itim na tinta: *Mahal na mahal kita, Zyra. Please say yes.*

Naramdaman niyang lumundag ang kanyang puso, pagkuwan ay mabilis na lumabas siya ng silid. Binaybay niya ang hagdanan. Sa pagmamadali, nais na niyang talunin pababa ang labindalawang baitang niyon.

Pagbukas niya ng makipot na gate ay nakangiting niyapos siya nito nang mahigpit.

“Bakit ka nagbasa sa ulan nang ganyan?” nag-aalalang tanong niya.

Sa halip na sumagot ay inangat ni David ang kanyang mukha at hinalikan ang mga labi niya. Mariin ang halik na iyon ngunit tumatagos sa pagkatao niya ang pagmamahal na kalakip niyon.

Ilang segundo rin nilang pinagsaluhan ang halik na iyon. Kung hawak lamang nila ang oras ay hindi na sila papipigil sa kakaibang sensasyong

nararamdaman. Para silang mga batang ayaw magpaawat sa paglalaro.

"I love you very much, Zyra. Will you accept me as your boyfriend?" walang kakurap-kurap na tanong nito.

Nakatitig ito sa kanya; sapat na upang mawalan siya ng lakas na tumanggi. Ang mga matang iyon na nangungusap, ang mga labing nagsusumamo at ang mabangong hininga nito na sumasaklaw sa buo niyang katauhan.

*God, no! Kung pangarap lang ito'y ayoko pang magising*, sabi ng kanyang isip.

Bumuntong-hininga muna si Zyra upang mabawi ang lakas ng kanyang mga tuhod. "Yes, David, yes! I love you, too!"

Muli siyang niyakap nito at hinalikan. This time, mas mahigpit, mas maalab.

"Ehem!" ani Gary mula sa di-kalayuan. Nakapayong ito habang ang isang kamay ay mayroong bitbit na bungkos ng mga pulang rosas at isang asul na paper bag.

Bahagyang lumayo si Zyra nang mapansin ang pinsan ni David. Lalo siyang napahiya at halos hindi

makatingin dito nang maisip niyang napanood nito ang lahat ng nangyari.

Hindi nalingid dito ang pagkapahiya niya, subalit umakto lamang ito na natural lamang iyon sa dalawang taong nagmamahalan.

“Okay lang ’yon,” anito, pagkuwan ay sumulyap kay David. “O, ’insan, ibigay mo na itong roses sa mahal mo.”

Pagkaabot niyon sa kanya ay inamuy-amoy pa ni Zyra ang mga bulaklak. Hindi niya malaman kung ano ang kanyang sasabihin. Pakiwari niya ay tumigil ang ikot ng mundo at ngayon lamang niya napansing basang-basa na rin siya sa ulan.

“Pumasok muna kayo para makapagpalit ka ng damit. Baka magkasakit ka,” masuyong sabi niya sa nobyo.

“Ikaw rin. Nabasa ka tuloy dahil sa ‘kin,” buong lambing na saad ng binata.

“Kasalanan ko rin naman. Nakalimutan kong magpayong.” *Sa sobrang atat na makita ka*, dugtong ng isip niya.

Nang makapasok na silang tatlo sa sala ay inabot ni Gary kay David ang paper bag.

Nagtatakang sinulyapan niya iyon ngunit hindi na nagtanong. Napansin iyon ni Gary kaya ito na ang nagsalita.

"Ah, Zyra," atubili pa nitong sabihin, "don't bother looking for an extra shirt for my cousin."

Nangingiti si David habang nagpapaliwanag ang lalaki sa kanya. Siya naman ay naghihintay kung ano ang susunod na sasabihin nito.

Nagpatuloy ito habang napapakamot sa batok. "Kasi nagbaon siya ng damit. Pinaghandaan niya talaga ang panliligaw na ito. Sa katunayan, ibinilin namin sa driver ng taxi na sinakyan namin na bilisan niya dahil baka pagdating namin dito ay wala nang ulan."

"Mabuti nga naluwas ng Maynila si Gary. Kung hindi, pati t-shirt at paperbag na dala ko ay nabasa na rin," natatawang sabi ng nobyo.

Nagkatawanan sila.

---

Buwan ng Abril nang magkaroon ng outing sa *Villa Escudero* sa Quezon ang mga empleyado ng bangkong pinapasukan ni David. Isinama siya nito. Katatapos lamang niya ng kolehiyo noon.

Ipinakilala siya ng nobyo sa mga kasamahan nito sa trabaho. Madali niyang nakapalagayan ng loob ang mga ito maliban kay Celine. Teller ito sa bangkong iyon, mestiza, matangkad at sexy. Kahit nginitian at kinamayan siya nito nang ipakilala sila ng binata sa isa't isa, naramdaman niyang malamig ito sa kanya. Bagay na hindi na niya binanggit sa nobyo kahit madalas niya itong mahuli na pinagmamasdan ang kabuuan niya. Ayaw niyang masira ang araw na iyon dahil para sa kanilang magnobyo ay espesyal iyon.

Ilang sandali pa ay sinusuotan na siya ni David ng life jacket para sumakay sa balsa. Napangiti ang matandang lalaking nagpapaandar ng sasakyang-pandagat nang marinig nito ang sagot ng binata nang tanungin niya kung bakit kailangan nilang lumayo sa karamihan. Ang sinabi ni David ay gusto siya nitong masolo.

Nasa unahan siya nito habang umaandar ang balsa sa dagat. Habang yakap siya nito ay magkadikit ang mga pisngi nila. Pahalik-halik ito habang nagkukuwento ng mga plano nito sa buhay. Kay sarap pakinggan na kasama siya sa mga priorities nito.

Mayamaya ay may dinukot ito sa bulsa ng maong

shorts nito. Inangat nito ang kaliwang kamay niya at ipinatong doon ang isang maliit na pulang kahon.

"What's this?" nasorpresang tanong ni Zyra.

"Why don't you open it and see for yourself, honey?" malambing na tugon nito.

Isang gold ring na may brilyantitos ang laman ng kahon. Nakaukit din doon ang pangalan nilang dalawa at ang petsa ng kanilang anniversary bilang magnobyo. Ang binata ang nagsuot sa kanya ng singsing.

"Lagi mong isusuot 'yan para hindi ako mawala sa isip mo at para malaman ng ibang nagbabalak pang manligaw sa 'yo, na taken ka na," seryosong sabi ni David.

"Salamat, ha. Talagang hindi ko ito aalisin sa daliri ko kahit saan ako magpunta," nakangiting tugon niya.

"Salamat lang? Wala bang kiss?"

Nag-init ang mga pisngi niya. "Ikaw talaga! Nakakahiya naman kay Manong, o."

Lumingon ang matanda sa kanila. "Ah, okay lang ho iyon. Hindi naman ako titingin," biro rin nito.

“Nakita mo na,” natawang ani David. “Kiss lang naman…”

Hahalikan sana niya ang katipan sa pisngi lang, ngunit inabot nito ang mga labi niya. Pagmulat niya ng mga mata, napansin niya ang isang balsa malapit sa kanila lulan ang tatlong babae. Nang tingnan niyang mabuti ay nakilala niyang si Celine ang isa sa mga iyon. Kasama nito ang dalawa pang empleyada rin ng bangko. Nakatingin ang mga ito sa kanila.

“Honey, bumalik na tayo sa pampang,” aniya sa nobyo.

“Bakit? Mahaba pa’ng oras. Dito muna tayo.”

“K-kasi ano…” Nag-isip muna siya ng maidadahilan. “Let’s try the carabao ride. Sige na, I would love to see the whole place,” pamimilit pa niya.

“Okay, kung ’yan ang gusto mo.” Binalingan nito ang kasama nilang bangkero. “Manong, babalik na ho kami.”

Sinikap niyang huwag sabihin kay David na naaasiwa siya sa mga tingin ni Celine. Sa tantya niya ay may gusto ang dalaga sa kanyang kasintahan. Tuwing masusulyapan niya ito ay hindi niya maiwasang makaramdam ng selos dahil higit

na maganda ito kaysa sa kanya at kasama pa nito si David sa trabaho.

Nilibang ni Zyra ang sarili sa magandang tanawin. Maraming puno ng buko sa paligid at sariwa ang simoy ng hangin.

Lalo siyang nasiyahan nang masilayan ang lugar kung saan sila mananananghalian. Buffet style ito. Yari sa kawayan ang mga mesa at silya. Nakalubog ang mga paa nila sa tubig habang kumakain.

Naroon na si Celine kasama pa rin ang dalawang babae pagdating nila. Nais niyang paunahin na ang mga ito, subalit niyaya na siya ng nobyo na sumabay na sa mga babae dahil nagugutom na raw ito.

Kinabahan siya nang lumapit sa kanila si Celine. Hindi nakaligtas sa mga mata niya nang idaiti nito ang kanang braso sa kaliwang braso ng nobyo niya. Sinulyapan niya ang binata ngunit parang hindi naman nito napansin iyon.

Nagulat pa si Zyra nang tanungin ng babae kung ano ang gustong kainin ng binata. Nakadama siya ng kaba nang lagyan nito ng dalawang pirasong sugpo ang plato ng nobyo niya.

"David, what else do you like?" nananadyang tanong nito.

"Thanks, Celine, pero gusto kong si Zyra ang nag-aasikaso ng pagkain ko, di ba, hon?" kaswal na baling ng lalaki sa kanya.

Lumakas ang kanyang loob sa sinabi nito. Bilang tugon, dinampian niya ito ng halik sa labi. Nakita niyang nainis ang babae sa ginawa niya na lalo naman niyang ikinabahala.

"Well, it's all right. See you later," sambit nito na may halong pagbabanta ang tinig at tingin sa kanya.

Nang oras na iyon alam na niyang kailangan niyang mag-ingat sa babae. Mukha itong mapanganib. Maaaring mas masahol pa ang kaya nitong gawin kaysa kanina dahil liberated ito.

Pagkatapos mananghalian, nagyaya naman si David na mag-swimming. At dahil nais din niyang lubusin ang araw na iyon ay pinaunlakan niya ito. Tutal, para saan ba ang dinala niyang two-piece yellow swimsuit?

Luminga-linga si Zyra, sinubukang matagpuan ng mga mata niya ang grupo ni Celine. Wala na ang mga ito roon. Marahil ay namamasyal ang mga ito.

Nang masiguro niyang wala nga ito ay dali-dali niyang hinila ang nobyo sa changing room para makapagpalit ng damit-pampaligo at makapag-

shower.

"Hon, what's wrong? Para tayong hinahabol ng sampung kabayo, ah. Don't worry, puro kalabaw lang ang nandito at mababagal ang mga iyon," nagtataka man ay biro ni David.

"N-nothing. Excited lang ako mag-swimming," tanging nasabi niya.

Mangilan-ngilan lamang ang taong naliligo sa pool kaya napansin kaagad niya ang malditang babae.

"Oh, no!" pabulong niyang naibulalas.

"Hon," pinisil nito ang kamay niya, "may sinabi ka ba?"

"W-wala." Hindi siya nagpahalata na unti-unti nang sinisira ng kaopisina nito ang araw niya. "Come on, let's go! Ang linaw ng tubig!"

Naunang lumusong ang binata, pagkuwan ay inalalayan siya nito pababa sa tubig. Napayakap siya rito dahil muntik na siyang madulas. Sa sulok ng mga mata niya, alam niyang nakatuon sa kanila ang atensyon ng grupo ni Celine. Sinikap niyang hindi maapektuhan sa mga bagay na walang kapararakan. Ini-enjoy niya ang oras kasama ang boyfriend.

Nagulantang pa siya nang biglang may yumapos sa dibdib ng kanyang nobyo—si Celine! Nataranta siya sa nakita. Sinarili niya ang pagkabalisang iyon dahil naisip niyang kapag nagpaapekto siya, siya lamang ang lalabas na talunan.

"Zyra," tawag nito, nakangiti pero sarkastiko ang dating niyon. "Can I borrow your boyfriend for a while?" Sinadya pa nitong idiin ang katagang 'boyfriend.' "Hey, Rona! Picture naman diyan, o. Para may souvenir photo ako kasama ang aking goodlooking commercial model," tawag nito sa babaeng kasama nito.

Nagulat si Celine sa ginawang pagkalas ng binata sa pagkakayapos nito.

"Are you out of your mind, Celine? Can't you see I'm with my girlfriend? What's wrong with you? You're being rude to her!" bulalas ng binata rito.

"Hey, hey! I'm sorry, okay? I don't see anything wrong with a fan asking an idol to have a picture taken with him!" giit pa nito.

"Will you stop it, Celine! I don't want to be rude to a girl but please… will you leave us alone?"

Noon lamang nakita ni Zyra na nagalit ang nobyo. Marahil ay kanina pa nito napupuna ang

ginagawa ng kaopisina. Nang sa tingin nito ay sobra na si Celine ay nagsalita na ito. Hindi tipo ng binata na pumatol nang ganoon lalo pa't babae.

Napansin niyang sumimangot si Celine, ngunit maganda pa rin ito kahit sa ganoong reaksyon. Pagtalikod nito upang bumalik sa mga kaibigan nito, napansin niyang bakat na bakat ang magandang hugis ng katawan nito sa suot nitong panligo. Lalong lumutang ang puti at kinis ng balat nito sa two-piece black swimsuit nito. Walang lalaking makakatanggi rito kung hitsura ang magiging basehan.

# 3

Opening ng bagong negosyo ng pamilya ni Zyra, ang *Mercado Convenience Store* na matatagpuan sa Recto. Masigabong palakpakan ang maririnig sa paligid. Naroon ang mga kaibigan sa negosyo ng ama niyang si Rodolfo, maging ang bise-alkalde ng Maynila bilang panauhing pandangal na siyang nag-cut ng ribbon.

Magkahawak-kamay na lumapit sina David at Zyra kay Mr. Mercado. Pagkahalik sa ama ay malambing na bumulong ang dalaga rito. Nagpaalam sandali ang matanda sa mga kausap upang makipag-usap sa magnobyo.

Tinapik nito ang binata sa balikat. “Hindi ba kayo sasama sa amin sa restaurant para mag-celebrate?”

Ngumiti si David at ipinagpaalam ang dalaga. “Hindi na siguro, Tito. Pangako ko kasi kay Zyra na ipapasyal ko siya sa Baywalk ngayong araw na ito. Congratulations po uli.”

“Gusto n’yo bang gamitin iyong puting *Revo*? Pinadala ko sa driver kanina para kung sakaling kulangin ng sasakyan ang mga bisita ay mayroong

magamit. Hindi naman ganoon karami ang dumalo kumpara sa inaasahan ko. O, heto ang susi, David. Tutal, marunong ka namang magmaneho."

Hinawakan ni Zyra ang kamay ng ama na may hawak ng susi. "Huwag na, Dad. Thanks. Mas gusto namin na walang dalang sasakyan para mas ma-enjoy namin ang pamamasyal."

"O sige. Kayo ang bahala. Mag-iingat kayo, mga anak."

Inihatid pa sila nito ng tanaw hanggang makalabas sila ng pinto ng store.

*Mga anak? Kay sarap pakinggan ng mga katagang iyon*, usal ni David sa sarili.

Ang mga Mercado sa unang tingin ay mukhang napakahirap abutin, ngunit hindi pala. Low profile ang mga ito at walang bahid ni katiting na yabang sa katawan. Hindi rin mapanghusga ang mga ito na tulad ng ibang mayayaman. Bukal sa loob ng mga ito nang sabihing siya ang nababagay na lalaki para kay Zyra. Welcome siya sa tahanan ng pamilyang ito anumang oras.

Natatandaan pa nga niyang sinabi ng ina ng dalaga na galing din ang mga ito sa hirap. Dahil sa pagpupursige ng asawa upang umunlad, narating

ng mga ito ang kinalalagyan ngayon. At nakikita raw nito sa kanya ang determinasyon na mayroon ang ama ni Zyra.

---

Nagtungo sila sa isang open restaurant doon. Pareho nilang paborito ang mga lugar na kagaya niyon. Romantiko, sariwa ang simoy ng hangin at may privacy.

Sa halip na magkatapat sila ng upuan, magkatabi ang dalawa habang magkahawak-kamay na umorder ng pagkain.

"Ano ang gusto mong kainin, hon?" tanong ni David.

"I like lechon kawali at camaron rebusado," ani Zyra.

Ibinaling nito ang tingin sa waiter. "Bigyan mo rin kami ng chopsuey, iyong half-cooked, garden salad at dalawang mango juice."

"Vegetarian ka talaga, ano? Maski noong mga past dates natin ay puro gulay din ang in-order mo. Ganyan ba talaga ang mga modelo? Sobrang alaga sa katawan?"

"Alam mo, hon, ganito iyan. Bukod sa mahilig

ako sa gulay, kailangan lagi akong physically fit. Sino ang kukuha sa akin sa commercial kung mataba ako at malaki ang tiyan?" Kinindatan pa siya ni David habang ngiting-ngiti pati ang mga mata.

Tuwing tinititigan siya nito ay parang nawawalan siya ng konsentrasyon. Ang mga mata nitong tila laging may kaakibat na hipnotismo na nagpapatingkad ng kanyang pagiging babae.

At sa palagay ni Zyra ay hindi na siya tatanggi pa kung ngayon din mismo ay yayain siya nitong magpakasal. Kahit alam niyang malabo pang mangyari iyon sa tayog ng mga pangarap nito.

"Hon," gambala nito sa kanyang sandaling katahimikan.

"Y-yes, hon? Ano nga uli ang sinabi mo?" ulit niya.

"Heto na ang mga pagkain. Kumain na tayo."

Sinubuan pa siya nito habang patuloy sa pagsasalita. "May ilalabas na bagong commercial ang *Red Horse Beer*. Ako ang bida at s-si Celine."

Napamulagat siya sa narinig. Halos hindi niya manguya ang pagkaing isinubo. Kumakabog ang dibdib niya dahil sa magkahalong gulat at galit.

"W-what? Ang sinabi mo ay iiwasan mo na ang babaeng iyon pagkatapos ng nangyari sa Quezon. Pero bakit ngayon ay hindi lang kayo magkaopisina kundi magkapareha pa kayo sa commercial?" litanya niya.

Niyakap siya ng lalaki. "Wait, hon. Let me explain," nag-aalala ang tinig nito. "Nagulat din ako nang sa mismong shooting day ko nalaman na siya ang magiging kapareha ko. Tumanggi rin ako siyempre pero…"

"Pero ano? Hindi mo siya matanggihan dahil sexy at maganda siya?" naniningkit na sumbat niya.

"Hon, nagseselos ka ba kay Celine?"

"Sino ba namang girlfriend ang hindi magseselos sa babaeng iyon pagkatapos ng ginawa niya sa atin noon?" nakaismid na saad niya. "Nagtataka lang ako sa babaeng iyon. Bakit pati commercial modeling ay pinasok na rin niya? Para ano? Para mapalapit siya sa iyo?"

Bumuntong-hininga ito. "Hindi ko nga rin malaman kung bakit naging madali sa kanya ang mapasok ang modeling world. And of all people, siya pa ang nakapareha ko. Siguro nga ay talaga lang maganda siya kaya napili agad kasi kung hindi,

napakalakas ng impluwensyang ginamit niya kung ganoon."

"Baka naman kilala niya ang person behind that commercial?" aniya.

"Maaari, pero puwede ring hindi. Ang alam ko, mahirap lang din sila at siya lang din ang kumakayod para sa pamilya niya. Kaya imposible ang iniisip nating iyon," patuloy nito.

"Basta. Hindi ko kailanman magugustuhan ang Celine na iyon. Marinig ko lang ang pangalan niya ay umuusok na ang ilong ko. Saka bakit ngayon mo lang sinabi sa akin kung kailan tapos na?" pagdidiin pa niya.

"Hey, Zyra. Don't you trust me?"

"Of course I trust you, pero kung siya ang la—"

Hindi niya naituloy ang sasabihin dahil siniil na siya ni David ng halik sa labi. Ipinadama sa kanya ng halik na iyon ang sinseridad ng binata. Isang halik na nagdulot ng katahimikan sa puso niya.

"K-kailan lalabas ang commercial mo?" muli niyang tanong na tila napaamo na ng halik na iyon.

"Siguro next week," seryosong tugon nito. "Tama na nga iyan. Huwag na natin siyang pag-

usapan. Ayokong masira ang araw na ito."

---

Pinanood ng magkasintahan ang paglubog ng araw sa Manila Bay. Hindi nila naiwasan na pag-usapan ang kinabukasan nila.

"Ano ang mga plano mo sa buhay, hon?" tanong ni David na malayo ang tingin.

"Ako? Pangarap kong maging clinical psychologist at maging eksperto sa marriage counseling kaya nga balak kong mag-enrol nitong darating na semester para sa masteral studies." Tumingin si Zyra sa nobyo. "Ikaw?"

Nagbuntong-hininga ito nang malalim. "Balak kong itaguyod muna ang pamilya ko bago lumagay sa tahimik. Gusto kong marating ang mga pangarap ko sa sarili kong dugo at pawis at hindi dahil sa tulong ng iba."

"Siguro naman, hindi masama ang tumanggap ng tulong sa iba kung taos sa puso nila ang tumulong."

"Para sa akin, iba pa rin ang pakiramdam na pinaghirapan mo lahat ng mayroon ka," patuloy nito na seryoso pa rin ang mukha.

"Ang ibig ko lang sabihin, may mga taong nakamit

nila ang mga pangarap nila sa tulong ng iba, pero hindi ibig sabihin na hindi nila pinaghirapan iyon. May kasabihan nga, 'no man is an island,' hindi ba?"

Ngumiti ito at niyakap siya nang mahigpit.

"Alam mo, ikaw ang inspirasyon ko sa buhay, ang pamilya ko, at ang daddy mo."

"Si Daddy? Kunsabagay, parehung-pareho raw kayo ng pananaw sa buhay. Noong magnobyo pa lang sila ni Mommy, inasikaso muna ni Daddy ang pamilya niya pero hindi rin niya pinabayaan si Mommy. Dalawa ang pinag-ipunan niya—si Mommy at ang pamilya niya.

"Ang malungkot lang na parte ng buhay nila noon ay nang magtungo si Daddy sa ibang bansa upang doon magtrabaho. Nagpaalam siya kay Mommy pero siyempre mahirap pa rin iyon para sa kanila. Ang akala nga ni Mommy ay hindi na siya babalikan ni Daddy. Pagkaraan ng anim na taon, umuwi si Daddy at nagpakasal sila. Nagpatayo na lang sila rito ng negosyo para hindi na kailangang bumalik sa abroad," pagkukuwento ni Zyra.

Napansin niyang malayo na naman ang tingin ni David. Katahimikan ang bumalot sa kanila. Hindi maipaliwanag ng dalaga kung bakit bigla siyang

kinabahan.

Inabot ni David ang kanyang kamay upang itayo siya. Inakbayan siya nito habang tumatawag ng taxi na maghahatid sa kanila sa *Baliwag Transit Terminal* sa Caloocan.

Habang binabaybay ng taxi ang Roxas Boulevard, napatingin sila sa isang malaking streamer na nakasabit sa harap ng *Bay View Park Hotel*. Isang imbitasyon iyon para sa lahat ng mga modelo ng bansa na nais maging international ramp model sa Canada.

Nagkatinginan sila, pagkuwan ay idinako ng binata ang paningin sa tanawin sa labas. Hindi niya matiis na hindi magtanong.

"Hon, sasali ka ba?" malambing niyang tanong.

Sa halip na sumagot ay tumango lamang ito. Bagay na ipinagtataka ni Zyra mula nang mapag-usapan nila ang kanilang mga pangarap. Marahil ay iniisip nito ang pamilya at ang pangarap na maging modelo sa ibang bansa na dalawang beses nang naudlot dahil sa pagbagsak sa audition. Ngayon ay heto ulit ang isang oportunidad na walang kasiguruhan.

"Kaya mo iyan, hon. Sinisiguro ko sa iyo. Sa

gandang lalaki ng honey ko, taob silang lahat," pag-e-encourage niya, sabay yakap dito.

Sa sinabi niyang iyon, tila bumalik ang sigla ng binata. Pinisil nito ang kamay niya. "Sa tingin mo, maipapasa ko kaya iyon?"

"Siyempre! Kung ako ang judge, ikaw lang ang panalo," pagbibiro niya.

Natawa ito. "Puro ka naman biro."

"Paano naman kasi, lagi kang seryoso. Sige ka, madali kang tatanda niyan," pambubuska pa niya, sabay pindot sa ilong nito.

"Basta whatever happens, lagi mong tatandaan na mahal na mahal kita, Zyra. Ikaw lang ang babaeng minahal ko nang ganito," masuyong saad nito.

"Talaga?" aniya sa tonong kunwa ay hindi naniniwala.

"Bakit? Hindi ka naniniwala? Patutunayan ko iyan sa iyo," hamon nito.

"Naniniwala naman ako. Binibiro lang kita kasi parati kang seryoso ngayon. Mabuti na lang guwapo ka kaya kahit seryoso ka o nakasimangot, bagay pa rin sa iyo."

Naningkit ang mga mata ni David nang mapatawa, hudyat na naiangat niya ito mula sa malalim na pag-iisip.

---

Sumapit ang unang araw ng audition para sa mga aspirants na gustong maging international ramp model sa Canada at idinaos iyon sa *Bay View Park Hotel* sa Roxas Boulevard. Isang Canadian modeling agency ang nagsagawa ng search. Tatlong araw ang audition at stay-in sa hotel na iyon ang mga kasaling modelo kaya hindi nakasama si Zyra. Hindi na rin nagpahatid sa kanya si David dahil lalo lang daw itong kakabahan sa presence niya.

Tuwing gabi ay sinusubukan niyang tawagan ito kahit alam niyang bawal sa mga modelo ang humawak man lang ng telepono habang ongoing pa ang audition.

Nang sumapit ang ikaapat na araw, alam niyang tapos na ang paligsahan kaya umagang-umaga pa lamang ay tinawagan niya ang nobyo upang kumustahin ang nangyari. Nakailang ulit siyang nag-dial sa numero nito ngunit hindi ito sumagot.

Nagpasya siyang tatawagan na lang niya ito sa opisina kinabukasan sa pag-aakalang napagod ito

nang husto.

"Hello? Good morning. This is Zyra Mercado. May I speak with Mr. David Concepcion, please?" aniya sa kausap sa kabilang linya.

"I'm sorry. Hindi pa siya pumapasok."

"Pakisabi na lang kapag pumasok na siya na napatawag ako. Thank you." Napaupo siya sa kama nang malamang maging ang kasamahan nito sa trabaho ay wala ring balita tungkol sa binata.

Bigla siyang napabalikwas nang tumunog ang cellphone niya. Si David ang tumatawag. Halos walang isang segundong sinagot niya iyon. Halata sa tinig niya ang kasabikan.

"Hello, hon? What happened? Nakapasa ka ba? Ilang beses kitang tinatawagan pero hindi ka—"

Hindi pa siya tapos sa sasabihin ay sumagot na ito, walang gana at walang sigla. "I… I did not make it, hon."

Kahit hindi niya ito kaharap ay damang-dama niya ang panlulumo nito. Alam niyang ang mapasama sa international modeling na iyon ang pinakaaasam ng katipan. Ngunit sa ikatlong pagkakataon, muli itong nabigo. Awang-awa siya rito, ngunit hindi niya

alam kung paano pagagaanin ang pakiramdam nito.

“Hey, hon, you still have a job. Don’t lose hope. Marami pang pagkakataon,” aniya kahit alam niyang masamang-masama ang loob nito sa nangyari.

“N-no, Zyra. Kailangan kong makasama this time. I need to be there before it’s too late.” Gumaralgal ang boses nito.

“H-hon, are you okay? Umiiyak ka ba? Gusto mo bang puntahan kita diyan sa bahay n’yo? I want to help you,” pang-aalo niya.

“W-wala ako sa bahay. Don’t bother, Zyra. Gusto ko munang mapag-isa. Don’t worry, I’ll call you as soon as I’m ready,” seryosong tugon nito.

“Pero… I want to see you,” pilit niya.

“Please, hon, I need some time alone. Always remember that I love you very much. Time will prove it.”

“H-hon, ano ba ang sinasabi mo? Kinakabahan ako sa iyo,” garalgal na rin ang boses na tugon niya. Namalayan na lamang niyang tumutulo na ang kanyang luha.

“I love you very much, Zyra.”

“Mahal na mahal din kita, David. I want to see you… please?” Nadadaig na ng mga hikbi ang pagsasalita niya.

Hindi na sumagot si David. Ibinaba na nito ang telepono. Humahagulhol na napaupo ang dalaga sa gilid ng kama. Pakiramdam niya ay iyon na ang huli nilang pag-uusap.

Lumipas ang mga araw… mga buwan… hanggang sa naging mga taon. Walang David na dumating. Ni boses nito ay hindi na niya narinig. Si Gary ang kaisa-isang taong maaari niyang mapagtanungan ukol sa binata kaya tinawagan niya ito. Saka lang niya nalaman, dalawang linggo na palang wala sa bansa ang kanyang nobyo. Nagtungo raw ito sa Boston upang doon magtrabaho.

# 4

"Zyra! Zyra! Wake up!" nag-aalalang bulalas ni Gay.

Napabalikwas si Zyra nang maramdaman ang kamay nitong yumuyugyog sa balikat niya. Naupo siya sa gilid ng kama habang pinupunasan ang mga matang natigib ng luha.

Inabutan siya nito ng isang basong tubig. "Hindi pa sana kita gigisingin dahil maaga pa naman. Nang marinig kong umuungol at umiiyak ka, nataranta na akong gisingin ka," kuwento nito.

Nanatili siyang nakatingin lamang dito, walang salitang lumalabas sa kanyang mga labi.

"Ano ba ang napanaginipan mo? Aba'y para kang binabangungot."

Hindi pa rin siya sumagot.

"Siguro ay ako'ng napanaginipan mo. Kinikidnap daw ako ng sampung guwapong lalaki," patuloy nito. "At imbis na magpapalag daw ako ay gustung-gusto ko pa. Iyon ba ang napanaginipan mo?" Humagalpak pa ito ng tawa.

Malinaw pa rin sa isip ni Zyra ang panaginip

na iyon. Sina David at Celine ang nagkatuluyan. Nagkaanak ang mga ito ng isang babae at isang lalaki. Masaya ang dalawa habang kapiling ang mga anak.

Ipinikit niya ang mga mata at ipinilig ang ulo upang mabura ang masamang isiping iyon. Kung kailan nasa malayong lugar sila ay saka pa nagbalik sa alaala niya si David. Dahil kaya sa lalaking iyon sa elevator?

*Isang malaking kalokohan ang iniisip mo, Zyra*, usal ng isip niya.

Paano kung totoo nga ang panaginip niya at bigla na lamang silang magkasalubong sa isang lugar? Ano ang magiging reaksyon niya? Paano niya haharapin ang sitwasyon? Ang katotohanan?

Nagmulat siya at nagbuga ng hangin upang kahit paano ay maibsan ang kanyang lungkot at sama ng loob. Tumayo siya at sumilip sa bintana.

"Two days after the convention, uuwi na tayo sa Pilipinas," walang gatol na pahayag niya.

Nagulat si Gay. "Ha? Akala ko ba mag-e-extend pa tayo ng one week? Ikaw mismo ang nagsabi na puro na lang tayo trabaho. Panahon na para ma-enjoy natin ang bakasyon," dismayadong sabi nito.

"Kung ano ang desisyon ko, iyon ang masusunod. Ako ang boss mo, hindi ba?" matigas na sabi niya.

"Pero, Zyra…"

"It's an order, Girlie!" Umalis siya sa tapat ng bintana at tinungo ang banyo.

Naiwang nag-iisip ang kaibigan sa kakaibang inaasal niya.

---

Palabas na sila ng hotel room upang magtungo sa convention sa tenth floor nang makita nila ang bungkos ng rosas na pula sa labas ng pinto. Pinulot iyon ni Gay at tiningnan ang card upang malaman kung sino ang nagpadala.

"Ano ito?" bulalas nito na nanlalaki ang mga mata. Binasa nito ang note na kasama niyon. "Galing kay 'I'? Sino ba namang kumag na Canadian ang magpapadala niyan?" Iniabot nito sa kanya ang mga bulaklak.

Binasa rin niya ang card. Walang nakasulat doon maliban sa letrang 'I'.

Inagaw ni Gay ang bouquet at inihagis sa kama. "Ano ba iyang mga tagahanga mo? Ginawa pa tayong manghuhula." Asar na isinara nito ang

pinto. "Halika na nga. Siguro ang nagpadala niyan ay ang Singaporean na katabi natin sa upuan. Kung siya nga, ang corny niya, ano?" litanya pa nito.

Si Zyra ay nanatiling walang kibo. Ang totoo, hindi siya interesado sa kung sinumang nagbigay ng mga bulaklak na iyon.

Pitong taon na ang lumipas mula nang mangyari ang huli niyang pakikipagrelasyon. Mula noon, isinara na niya ang puso niya sa mga lalaki. Kapag mayroong nagtangkang manligaw sa kanya ay pinaprangka na niya ang mga ito. Ibinuhos na lamang niya ang panahon sa trabaho.

Malapit na sila sa pinto ng function room sa tenth floor na pinagdarausan ng convention nang tumunog ang cellphone niya. Napangiti siya nang makita kung kanino galing ang tawag.

"Hello, Daddy?" sabik na bungad niya.

"How's my ever lovely daughter? Kumusta ang convention?" tanong nito.

"Well, okay lang. Masaya naman kami ni Girlie kaso nga lang, hindi namin maiwasan ang mainip."

"Anak, it's time for you to meet new friends and enjoy life. Puro ka na lang trabaho. Isa pa, baka

nakakalimutan mong kailangan mo na akong bigyan ng apo. You're not getting younger," panunukso nito.

"Dad, ang pag-aasawa ay hindi pinipilit. Malay mo, nakatakda akong maging single forever."

"Don't say that, hija," masuyong saway nito. "Sa ganda mong iyan, hangal ang lalaking hindi papansin sa 'yo."

"Of course I know that, Dad. Sa 'yo ba naman ako nagmana," natatawang biro niya.

Napahalakhak din ang kanyang ama sa kabilang linya. "Pag-uwi mo, I have a surprise for you. Pihado akong magugustuhan mo."

"Ano naman kaya iyon?" naintrigang tanong ni Zyra.

"Hindi na surprise kapag sinabi ko ngayon," anito. Marami pa silang napagkuwentuhan. Pero naalala niya ang convention na malapit nang magsimula. Nagpaalam na siya rito. "O sige na, anak. Mag-ingat kayo ni Girlie, ha. See you soon. I love you, sweetie."

"I love you, too, Dad. Tell Mom I miss her, too. See you both soon. 'Bye."

Hinagilap ng mga mata niya si Gay. Naroon ito

sa bukana ng function room at hinihintay siya para sabay na sila pumasok sa loob.

Bumalik sa isip niya ang mga bulaklak. Tulad ng kaibigan, palaisipan din sa kanya ang anonymous sender na iyon. Ngunit kapag naisip niyang bagong manliligaw lamang iyon, wala siyang panahon para kilalanin pa kung sinong herodes iyon.

Dahil nasa malalim na pag-iisip, muntik nang maupuan ni Zyra ang isa pang bungkos ng mga rosas na nakapatong sa mismong upuan niya. Ang mga participants kasi sa convention ay may designated seats.

Nang basahin niya ang card para malaman kung kanino iyon nanggaling, wala na namang nakalagay maliban sa pangalan niya at katagang ‘still’ sa bandang ibaba na ang dapat sanang nakasaad ay ang pangalan ng nagpadala.

*Mukhang may ibig ipahiwatig ang nag-send nito*, sabi ng isip niya. Kung ang unang bungkos ay may ‘I’, ito naman ay ‘still’. Samakatuwid, ‘I still’ ang ibig sabihin ng mga salita kapag pinagdugtong ang mga ito.

“I still ano?” pabulong na tanong ni Gay dahil nag-uumpisa nang mag-discuss ang speaker. “Baka,

I still know you, I still love you, o kaya I still hate you," pang-aasar nito.

"Shh! Baka nasa paligid lang ang nagpadala nito at pinagtatawanan na tayo. Maghintay pa tayo dahil may kutob akong may kasunod pa ang mga iyan," maingat na bulong ni Zyra.

Naging malikot ang mga mata ng dalawang babae na parang mga detective agents. Halos hindi na nila maintindihan ang sinasabi ng speaker. Nais nilang mahuli kung sino ang magaling na nagpapadala ng mga bulaklak. Wala tuloy silang natutunan sa convention nang araw na iyon.

Nang sumapit ang tanghalian, unti-unti nang naglapitan ang mga participants sa buffet table. Nalibang ang magkaibigan dahil nakahain sa big round table na iyon ang mga putaheng ipinagmamalaki ng bawat bansang kasali sa convention.

Bitbit ang kani-kanilang mga platong may pagkain, bumalik sila sa kanilang upuan. Napansin kaagad nilang may katabi nang isa pang panibagong bouquet ng bulaklak ang bungkos na iniwan nila sa kanilang mga silya.

Pasiklat na dinampot ni Gay ang mga iyon at tulad ng dati, tiningnan ang card na nakaipit doon.

"To my one and only Zyra. From: 'care'," nakataas ang kilay na basa nito roon.

Nagpalinga-linga ang dalawa. Wala naman silang napansing kakaiba ang ikinikilos sa mga kapwa participants na naroon. Lahat ay abala sa pagkain.

"Naisahan tayo, ah!" Pumapalatak na naupo si Gay at sinimulang kumain.

Lumingon si Zyra sa katabi niyang babae. Australian ito.

"Excuse me, have you noticed somebody who brought these flowers?" tanong niya rito.

Tumango ito. "A woman in green blouse and white slacks," seryosong sagot nito.

"How old is she?" singit ni Gay.

"Middle-aged, I guess."

"Thank you," aniya. Nagsimula na rin siyang kumain ngunit may namumuong konklusyon sa isip niya. "I think, whoever is sending me these flowers, he or she knows me well. Parang kilala na niya ako noon pa," baling niya sa kaibigan.

Ibinaba nito ang kubyertos. "Anong she? Sino

ba namang babae ang magpapadala ng bulaklak sa kapwa niya babae? Maliban na lang kung may nakarelasyon kang tomboy," anito sa tonong nangungulit na naman.

Nang marinig iyon ay muntik nang lumigwak ang tubig sa basong kasalukuyang iniinuman ni Zyra.

"Ano ka ba, Girlie? Itaon mo naman iyang pagbibiro mo kapag hindi ako kumakain."

Natawa ito muli. "Pero alam mo, kapag pinadalhan ka ng mga salitang 'I still care,' maraming puwedeng ipakahulugan doon. Maaaring mag-best friend kayo na nagkatampuhan nang matagal. O kaya'y boyfriend na nawala na lang na parang bula pagkatapos ay nakita kang muli at naramdaman niyang mahal ka pa pala."

Natigil siya sa pagkain dahil sa tinuran ni Gay. Napatitig siya rito nang matagal.

"Huwag mo akong tingnan nang ganyan. Wala akong alam diyan. Hula ko lang iyon," anito, sabay subo nito ng huling kutsara ng pagkain.

Inirapan niya ito. "Hmph! Puwede ba, huwag kang magkomento sa mga bagay na kakatwa at isa pa, napakaimposible!"

"Sabi ko nga, hula ko lang iyon. Puwedeng totoo at puwede ring hindi."

Nagkibit-balikat na lamang siya at tinapos ang kinakain.

---

Maagang natapos ang convention nang araw na iyon kaya nagkaroon na naman sila ng oras sa pamamasyal.

Maraming mapaglilibangan sa Ottawa. Mauunlad ang negosyo roon at maging malalaking commercial at residential buildings ay magkakatabi lamang.

Habang tinatahak nila ang isang side street pauwi ng hotel, napako ang mga mata nila sa tapat ng isang condominium building. Isang matangkad na lalaki ang may inaalalayang mag-iina pasakay sa taxi na nakaparada.

Nagpatuloy sila sa marahang lakad dahil ang tanawin na iyon ay nakatawag-pansin sa kanila. Bagay na bagay sa isa't isa ang sa tingin ni Zyra ay mag-asawang iyon. Parehong maganda ang tindig at mukha ng mga ito. Kapansin-pansin din na tila ingat na ingat ang lalaki sa mag-iina nito.

Sabay na napahinto ang magkaibigan nang mapagsino ang mag-asawa. Kumirot ang puso ni Zyra sa natuklasan. Pakiwari niya ay namanhid ang buo niyang katawan at ang tanging naririnig niya nang mga sandaling iyon ay ang sunud-sunod na pagkabog ng kanyang dibdib.

Umandar na ang cab lulan ang lalaki at ang mag-iina nito. Mukhang malayo ang pupuntahan ng mga ito. Malalaking bagahe ang dala ng mga ito na isinakay sa compartment ng sasakyan.

Naiwang nakatulala ang dalawa. Si Gay na kung kanina ay walang tigil sa pangungulit, ngayon ay para itong natuka ng ahas.

"Z-Zyra, nakita mo ba ang nakita ko? S-sina David at Celine iyon! Hindi ako puwedeng magkamali. Sila ang nagkatuluyan?" di-makapaniwalang sambit nito.

Kilala nito si Celine. Nang minsang makantyawan si David ng mga kasamahan na magselebra ng kaarawan sa isang restaurant sa Malate, isinama niya si Gay dahil nahihiya siyang pumuntang mag-isa. At dahil naikuwento niya rin dito ang nangyari sa Quezon, parang ipininta na sa memorya nito ang kabuuan ni Celine.

*Kaya pala… kaya pala hindi na niya ako binalikan. May pamilya na siyang kailangang alagaan*, malungkot na naisip niya. Kasabay ng kaisipang iyon, hindi niya napigilang tumulo ang masaganang luha mula sa kanyang mga mata. Nagkatotoo ang kanyang panaginip!

"U-umuwi na tayo, please," pahagulhol na pakiusap niya sa kaibigan, ngunit sinikap niyang pigilin ang sarili na bumulalas ng iyak dahil sa mga tao sa paligid.

Pagdating sa hotel, ibinagsak ni Zyra ang katawan sa malambot na kama at doon umiyak nang umiyak. Ibinuhos niya ang lahat ng sakit ng kalooban nang mga sandaling iyon hanggang sa makatulugan na niya ang pag-iyak.

Awang-awang tinitigan na lamang siya ni Gay. Hinayaan muna siya nitong mapag-isa. Nagpasya itong kausapin na lamang ang kaibigan kinabukasan.

---

Kinabukasan, maagang nagising si Zyra. Namumugto man ang mga mata ay bakas pa rin ang kagandahan niya. Magaan at masigla ang mga hakbang at tila walang nangyari ng nagdaang araw. Nagulat pa si Gay nang nakangiting binati niya ito.

"Good morning! Breakfast is ready. K'ain na tayo."

Tumayo ang kaibigan at umupo sa katabi niyang silya. "Zy, about yesterday…"

Bumuntong-hininga siya. "Please, Gay, I don't want to talk anything about my past anymore. About David, about Celine, about my foolishness. It's all over. Iyong nakita natin kahapon, iyon lang ang hinihintay kong senyales para makapag-umpisang muli. It's time to find myself and to bring colors to my life… again." Yumuko siya at walang imik na kumain.

Ibang Zyra na ang lumabas ng silid na iyon. Puno ng buhay at pag-asa. Maaliwalas ang mukha at walang hinanakit na mababakas dito.

Kahit alam ni Gay na hindi mabubura ang kasawian sa isang tulog lamang, iginalang na lamang nito ang pasya niya. Nanatiling matatag ang kaibigan sa nagdaang pitong taon at alam nitong higit na makakayang harapin ng dalaga ang mga darating pang pagsubok. She was a good counselor and a woman of strength who faces challenges gracefully.